



PADALUYANG TUBIG NG HAGUNOY

GUSALING KA BLAS F. OPLE



G. Panganiban Street, Sto. Niño, Hagonoy, Bulacan

Tel. No.: (044)793-0019, 793-0433 Telefax:(044)793-2524

E-Mail Address: hagonoywd@yahoo.com

MINAMAHAL NAMING MGA KONSESYONARYO:

Pagbati po mula sa Padaluyang Tubig ng Hagonoy!

Ito po ay pagbibigay-alam na simula sa ika-1 ng Hulyo taong kasalukuyan, ang operasyon ng sistemang patubig sa mga barangay ng San Isidro I at Gusi Sto. Rosario, na nasasakop ng bayan ng Paombong ay malilipat na sa pamamahala ng City of Malolos Water District (CMWD).

Ang paglilipat ng pag-aari at pagpapatakbo ng aming umiiral na sistemang patubig sa mga nabanggit na mga lugar ay naaayon sa mga itinatadhana ng batas at polisiya at dumaan sa pagtatasa ng Commission on Audit (COA) at Office of the Government Corporate Counsel (OGCC).

Sa kasalukuyan ay 3 po kaming “service providers” sa inyong bayan at mayroon pong usapin ukol sa legalidad ng aming hurisdiksiyong magserbisyo sa mga nabanggit na barangay. Nililimitahan po nito ang aming kagustuhang palawigin pa ang aming sistemang patubig batay sa Memorandum of Agreement (MOA) na nilagdaan noong taong 2002 sa pagitan ng aming tanggapan at ng noo’y Sangguniang Bayan ng Paombong.

Sa ginawang pampublikong biding (public bidding), ay napasakamay ng City of Malolos Water District ang kapangyarihang ariin at patakbuhan ang operasyon ng aming sistemang patubig sa nabanggit na mga lugar. Kung kaya’t buong pamimitagan po naming hinihiling sa inyo na kung mayroon man kayong natitirang mga bayarin sa inyong nakonsumong tubig sa pagtatapos ng buwan ng Hunyo ay mangyari lamang na bayaran ito kaagad sa aming mga “field bill collectors” o sa aming tanggapan.

Bagama’t ang Hagonoy Water District po ay nananatili at mananatiling isang **non-profit entity** na may mandatong magsuplay ng kalidad na inuming tubig sa lahat ng aming mga konsesyonaryo ay mabibigo po kaming isakatuparan ang anumang proyektong pangkaunlaran kung mayroong mga umiiral na polisiya na humahadlang sa amin upang isakatuparan ito.

Pinakamalaking karangalan po para sa amin na kayo’y mapagserbisuhan sa nakalipas na 13 taon. Maraming salamat po mga minamahal naming mga naging konsesyonaryo.

Matapat na sumasaiyo,

PADALUYANG TUBIG NG HAGUNOY